

1

“Hi, Babe! Good morning!” masayang bati ni Rosalie Barcelona sa blown up pic ng isang napakaguwapong lalaki. Naka-display iyon sa upper right corner ng salamin ng kanyang tokador.

Printout lang iyon. Na-search niya some time last month habang nagsu-surf siya sa Internet para humanap ng inspirasyon. Bumubuo kasi siya noon ng ad campaign para sa isang kompanyang magla-launch ng bagong linya ng mga pabangong panlalaki.

Hindi ang litratong iyon ang ginamit niya for the campaign. Nga lang, na-love at first sight siya nang masilayan ang mukha at nakakatulalang ngiti ng walang pangalang lalaki. Alam niyang close to never niya itong makikilala—mukha itong foreigner judging the shape and intensity of his eyes. Mukhang sa ibang bansa rin kuha ang litrato. Good luck naman. Never pa siya nag-out of the country, at alam niyang hindi siya makakalabas anytime soon kahit gustuhin niya.

Gaya ng nakagawian, hinaplos niya ang mukha nito bago idinikit ang mga daliri sa labi niya at saka ibinalik iyon sa labi rin ng lalaki sa litrato. “I love you!”

“Hay, naku, ang anak ko,” anang ina mula sa pinto ng kanyang kuwarto. “Ang tanda-tanda mo na, napakahilig mo pa ding mag-ilusyon.”

“Pagbigyan mo na ako, Ma.” Pinasadahan niya ulit ng tingin ang sariling reflection para siguruhing maayos ang kanyang makeup at lumabas na ng pinto. “Minsan lang naman ’to.”

“Minsan?” Tumaas ang kilay nito habang nakasunod sa kanya. “Kaninong litrato ang nandyang sa laptop at *iPhone* mo, aber?”

Binalingan niya ito. “Mommy, nakikialam ka ng gamit ko?”

“Pakalat-kalat, eh. Buti ka pa mayroong *iPhone*. Eh, ako lumang-luma na ’yung cellphone ko hindi mo man lang ako maibili ng bago kahit hindi latest na modelo.”

“Mommy,” angal niya, “aanhin mo ba ang bagong cellphone, eh, text at tawag lang naman ang ginagawa mo? At saka, ilang beses ko ba sasabihin sa inyo, hindi ko binili ang mga ito. Bigay ng kompanya ’yan sa akin dahil kailangan ko.”

“Siya, sige, oo na.” Dumulog ito sa hapag at naglagay ng kanin at kaunting ulam sa plato habang nagtitimpla siya ng *Ovaltine*. “Wag mo na lang akong

tawagan o i-text mamaya dahil may meeting ako d'un sa mga kasamahan ko sa *Cofradia*. Nakakahiya kung ilalabas ko 'yung kalunus-lunos kong cellphone."

Binilisan niya ang paglagok ng mainit na inumin kesehodang mapaso ang dila at lalamunan niya. Kailangan na niyang makaalis bago pa maging full-blown argument ang sinimulang topic ng ina.

"Tuloy na ho ako." Dinampot niya ang susi ng kotse at saka walang lingon-likod na lumabas ng bahay.

Sumakay siya sa *Nissan Sentra*. Ilang sandali siyang naupo lang doon at sumubsob sa manibela. Parang magkakasakit siya. Umayos siya ng upo at in-arrange ang *iPhone* sa cradle nito sa dashboard. Nang i-sync niya ang bluetooth earpiece, umilaw ang screen at lumabas doon ang kanyang wallpaper.

Muli niyang kinausap ang lalaki sa wallpaper bago binuhay ang makina ng sasakyan. "Kung di dahil sa 'yo, baka matagal na akong nabaliw kay Mommy. Buti na lang nakakausap kita."

Nagpapasalamat na rin siya at hindi niya pa naa-outgrow ang habit niyang mabuhay sa alternate world. Nakakatulong iyon para mabilis niyang makalimutan ang madalas na pagtatalo nila ng ina.

Sa isang importanteng meeting siya dumerecho mula sa bahay. Lagpas alas dos na ng hapon bago siya nakabalik sa sariling opisina. Kasama niya pabalik ang isa sa mga senior marketing executives nila. Pagod siya, init na init at gutom pero may matagumpay na ngiti sa kanyang mga labi.

“Let me guess,” salubong ng isa sa kanyang assistants, si Irene. “Na-clinch n’yo ’yung deal.”

Lalong lumawak ang ngiti niya. If there was anything na hindi kailanman papalpak sa buhay niya, ang trabaho niya iyon.

“Need you ask?”

“Awright!” Itinaas nito ang palad para mag-high five sa kanya. “Shall we order pizza?”

Pizza kadalasan ang pinagsasaluhan nila tuwing may magandang balita silang isine-celebrate.

“Four seasons ng *Yellow Cab*, please. Gutom na gutom na ako,” aniya bago tumuloy sa opisina.

Over pizza and softdrinks, pinag-usapan nila ang ilang detalyeng kailangang bunuin para masigurado ang success ng kinakaharap na trabaho.

“I want all the quotations from the suppliers on my desk by lunch tomorrow para mai-present ko

sa client ang budget,” aniya. “And before the end of the day, I’m hoping we can start on the actual preparations.”

Nang mapag-isa ay humarap siya sa computer. Nginitian niya nang pagkatamis-tamis ang wallpaper.

“Na-miss mo ba ako?” aniya.

Sa utak niya, sumagot ang binata ng ‘Oo, na-miss kita, Rose.’

“Miss din kita, eh. Sobrang busy ko today, pagod na pagod ako. Uwi na tayo, let’s have an early night.”

Hinalikan niya ang hintuturo bago inilapat iyon sa labi ng lalaki sa litrato. Nag-shutdown siya ng laptop at lumabas ng opisina para umuwi.

“Kailan ba tayo magkikita?”

Umalingawngaw ang boses na iyon mula sa kawalan.

Iminulat ng lalaki ang kanyang mga mata at agad na luminga. *Weird...* naisip nito. Mas naramdaman niya ang boses kaysa aktuwal na narinig.

Luminga siya. Napansin niyang hindi niya kuwarto ang kinaroroonan niya. Iba ang kulay ng

pader. Iba ang hitsura ng bedsheets. Iba ang...

Sandali nga. Kung naiiba, bakit pamilyar pa rin sa kanya?

“Ang tagal-tagal na kitang hinihintay,” alingawngaw muli ng boses.

“Konting tiis na lang, malapit na malapit na,” sagot niya.

Hey... bakit ba siya sumasagot?

“Bakit ba kasi ang tagal mong nasa malayo?” May pagtatampo sa tono ng boses nito.

Naging mapang-alo ang ngiti niya. “Kailangan lang talaga, Love,” sagot niya. “Hindi naman ’to forever.”

“Uwi ka na, please?” lambing nito.

“Eto na po, nanginginig pa.”

Binilisan niya ang pag-eempake ng mga gamit niya. Miraculously, naroon na agad sa kanyang harapan ang maleta. Sa loob ng ilang oras, kailangan niyang makasakay sa eroplano na maghahatid sa kanya sa lugar ng babaeng tumatawag sa kanya.

“Teka. Nasaan ka nga pala?” Pero parang alam niya kung saan ito pupuntahan.

"I'm just here."

Gulat siyang lumingon at naramdaman niyang tumigil ang kanyang paghinga. Nakalimutan na yata niya kung gaano siya nabighani ng dalagang ito. Nakikita rin sa mga mata nito na siya lang ang tanging nakikita nito. Ang tanging nasa isip nito.

May yabang siyang napangiti. Ibinuka niya ang mga bisig at inanyayahan itong lumapit. Gumanti ito ng matamis at mapang-akit na ngiti bago marahang naglakad palapit sa kanya. Hanggang sa nakatayo na ito mismo sa kanyang harapan. Agad niya itong niyakap.

"Hello, my lovely." Masayang itinaas niya ang isang kamay para haplusin ang pisngi nito.

Humagikgik ito bago ipinatong ang palad sa kanyang kamay.

God, but she was beautiful! He loved her. She loved him. She was his.

"Na-miss kita nang sobra-sobra," eksaherado nitong sabi.

"Talaga?" pagpapa-cute niya. "Gaano ka-miss?"

"Ganito, o..." Bumitaw ito saglit sa pagkakayakap sa kanya para idipa ang mga braso, ipinapakita sa

kanya kung gaano siya nito na-miss.

“Ako din. Miss na miss kita nang ganito.” Ginaya niya ang muwestra nito.

“Di bale.” Inihilig nito muli ang ulo sa kanyang dibdib. “Magkasama na tayo.”

“Walang kaduda-duda.” Nilapatan niya ito ng masuyong halik sa tuktok ng ulo.

“Kantahan mo naman ako,” pakiusap nito.

Bahagya siyang nabahala. Not that he couldn't sing. Maganda ang boses niya. At composer din siya.

“Anong kanta?” Sinimulan niya itong ihele sa yakap niya.

“Kahit ano.” Lalo itong nagsumiksik sa kanyang dibdib. “You know how I always love your songs.”

Minsan pa, dinamang niya ang mainit nitong palad na nakadantay sa kanyang dibdib. Haplos iyon sa bawat hibla ng kanyang pagkatao, sa bawat sulok ng kanyang puso.

Ibinuka niya ang bibig at sinimulan ang mahinang pagkanta.

A Dream Is A Wish - Edith Joaquin

I see you with my heart, not just with my eyes

You whom I love, you whom I want

I share with you my everything

We share our lives in this dream

*For you, too, see me with you heart, not just with
your eyes*

*And you love me with all that you are, because of
who you are*

The lady borne of my heart, my fantasy

My lady love, my every wish

*Maningning ang ngiti nito nang matapos ang
awitin. Kung tama ang nakikita niya, parang naluluha
pa ito at alam niyang dahil iyon sa tuwa.*

“Mahal na mahal kita,” buong puso nitong saad.

*“I love you, too,” marahan niyang bigkas bago
unti-unting ibinaba ang ulo para hagkan ito.*

*Nanunuot sa kanyang sentido ang samyo ng buhok
nito at damang-dama niya ang makinis nitong pisngi
na hinahaplos ng kanyang mga daliri.*

A Dream Is A Wish - Edith Joaquin

He could feel the warmth from her body. He could almost taste her soft sweetness...

Nagmulat ang lalaki mula sa isang magandang panaginip. Yakap niya ang malaki at malambot na unan at nakanguso siya na tila naghihintay mahagkan. Mariin siyang napapikit muli kasabay ng paghilamos ng palad sa mukha.

Shit! Nakakabaliw na ang paulit-ulit na panaginip na iisa ang nilalaman pero tuwing darating sa yugtong iyon kung kailan malapit na malapit na niya itong mahalikan, magigising siya. At tuwing magigising siya, nawawala ang mga detalye ng pag-uusap nila sa kanyang alaala. Ang naiwan lang sa kanya ay ang di maipaliwanag na udyok na mahanap ang babaeng iyon. Kailangan niyang mahanap ang babaeng iyon.

Pero saang panig ng mundo ba ito naroon?

Umuwi ka na...

Kumunot ang noo niya. Iyon nga ba ang sinabi nito sa kanya? Umuwi siya. Uuwi siya... sa Pilipinas.

Oo, sa Pilipinas. Pero saan naman siya magsisimulang maghanap? Hindi niya alam ang pangalan ni ang hitsura ng dalaga.

A Dream Is A Wish - Edith Joaquin

No, alam niya ang pangalan nito. Alam niya rin kung ano ang hitsura nito. In his dreams, he knew of these things. Kapag nakaharap niya ang babae, makikilala niya ito.

Hinila niya ang sarili para bumangon. Halos kaladkarin niya ang mga paa, may iniinda siyang sakit sa gawing gitna ng kanyang katawan.

Agad siyang nagtungo sa banyo, sa ilalim ng shower. Pinihit niya ang knob, hindi na nag-abalang gamitin ang heater. Kailangan niya ng nagyeyelong tubig.

2

Iginala ni Rose ang paningin sa kabuuan ng ballroom na kinaroroonan niya. Tumitipa nang bahagya ang ulo niya kasabay ng pumapailanlang na pop rock music na suwabe lang ang tunog sa speakers. Nasisinagan ng makukulay na ilaw ang maninipis na puting tela na nagki-crisscross sa kisame bilang disenyo. Naka-project sa giant screen ang animated backdrop na nagsasabi kung anong event ang ginaganap doon. Nakahanda na ang buffet table at pagdating ng takdang oras, pasisimulan na niya ang nakahandang programa.

She sighed. Yup, it was another masterpiece, salamat sa kanyang brilliant idea na in-execute ng kanyang brilliant team.

“Rose!” Masayang lumapit sa kanya si Noemi, ang Director for Marketing ng kompanya nila. Inilahad nito ang kamay at saka umikot. “This is really wonderful!”

Hindi na nito kailangang i-elaborate ang sinabi. Kita niya sa mukha nito na masayang-masaya ito.

“Thanks, Noems,” sagot niya.

“This is so perfect! But then again, I always love your handiwork.”

“Well, kilala mo ang staff ko. Magaling silang mag-execute, at sakto din ang level ng creativity nila na sumasalo sa design concepts ko.”

“Grabe, Rose, I never thought from the time we hired you na ganito ka talaga kagaling!” patuloy nitong puri. “I mean, magaling ka na talaga to begin with pero parang gumagaling ka lang nang gumagaling.”

She sighed again. “I was brought up to always give my best, so ’ayan,” kubit niya.

“Oo nga, you give your best kaya ’ayan,” gagad nito, “hanggang ngayon wala kang boyfriend.”

Napaawang ang bibig niya. “O, bakit napunta na naman ang usapan sa lovelife ko?”

“Rose,” anito, namaywang, “mula pagka-graduate mo hanggang ngayong beinte seis ka na, kahit pagkarami-raming boys na umaaligid sa ’yo, wala kang ine-entertain dahil parati kang nakasubsob sa clipboard o sa laptop mo.”

Huminga siya nang malalim. “Noems, alam mo ang sitwasyon ko, di ba? Hindi puwedeng di ako

magtrabaho dahil maraming bayarin.” Umabot siya ng baso ng iced tea mula sa isang waiter na nagdaan. “How can I afford to be in a relationship kung gan’un? Mapapabayaang ko lang. Kahit pa sabihing magiging understanding siya, it’s not fair.”

“Sino ba kasi ang nagsabing kailangan mong solohin ang responsibilidad? Your mother—”

“Walang alam na career ang nanay ko kundi maging housewife. How can I expect her to find means para kumita ng pera para sa amin?”

Ngumiwi ito. “There is such a thing as pagtitipid, girl. Hindi nakakatulong na ikaw na nga lang ang kumakayod, kailangan sustentuhan mo pa ’yung pretense niya na kaya ninyong makipagsabayan sa mga amiga niyang totoong mayayaman.”

Nagbaba na lang siya ng tingin. “Alam mo naman ang nanay ko.”

“Hay naku, basta ako, feeling ko dapat ka na mag-boyfriend o mag-asawa.” Umikot ang mga mata nito. “God knows kung kelan matatapos ang kalbaryo mo sa nanay mo,” frustrated nitong sabi. “Ihanap nga kita ng boylet. ’Yung mayaman para you kill two birds with one stone.”

“Anong two birds?” Nakamaang niyang tiningnan

ito.

“Kapag may mayaman kang boylet, mabibigay mo na lahat ng luho ng nanay mo plus magiging active pa ang lovelife mo.”

“Noems, ayoko nga ng gan’un!” tutol niya. “Hindi escape hatch ang pagkakaroon ng relasyon. Buhay ko ’to, problema ko, kargo ko dahil nanay ko ’yun. Hindi niya nanay ang nanay ko.”

“Hay naku, sige, maburo ka na lang forever sa kabibigay ng luho ng nanay mo,” ingos nito. May umagaw ng pansin nito. “Oh, my God, it’s Allan!”

Titingin sana siya sa direksyong pinuntahan ni Noemi para makiusyoso pero may lumapit sa kanya para kausapin siya. Paalis na siya para i-troubleshoot ang bagay na inilapit sa kanya nang may pumigil sa isa niyang kamay.

“Rose, wait, ipapakilala kita,” ani Noemi.

Unti-unti siyang lumingon, umangat ang mga mata kasama nitong lalaki at...

“Rosalie, this is my friend Allan,” pagpapakilala nito. “Allan, this is Rose, our Events Manager.”

Nagbukas yata ang langit at biglang pagkarami-raming anghel ang kumakanta ng *Hallelujah Chorus*.

Nakanganga lang siya sa binata, fighting the urge to faint. Ang beloved nameless hunk na laman ng kanyang pantasya at panaginip!

Ni hindi niya naintindihan na nagpaalam si Noemi sa kanila dahil may ibang kailangang kausapin. Naiwan na pala siyang nag-iisa kaharap ng lalaki.

“Hello, Rose.” Nakangising hinagod siya nito ng tingin. “You look hot.”

Kumurap siya. *Ano raw?*

“Hi.” Nabawasan ang ngiti niya nang bumati kahit pa iniabot niya ang kamay rito. “Nice to meet you.”

“Likewise.” Malamig ang palad nitong nakipagkamay sa kanya. “Hey, maybe after your work, you and I can get together or something.”

Teka muna nga. Bakit ganoon? Parang may mali. Hindi ba’t dapat nagtatatalon siya sa tuwa? Dream come true niya ito!

“Ah, hindi ko sigurado, eh.”

“Ah, come on.” Parang hindi ito naniwala sa sinabi niya. “Of course, you want to!”

Mali nga. Maling-mali. Sana nanatiling nasa

panaginip niya na lang ito. Ia-outgrow na yata niya ang alternate universe niya.

“I need to work na,” malamig niyang sabi. “Please help yourself to the refreshments.” Pinili niyang um-exit nang walang malaking seremonya. Sa isip niya, tatanggalin na niya ang litrato sa gilid ng kanyang salamin. Dapat na rin siyang magpalit ng wallpaper sa *iPhone* at sa laptop.

Isang buong linggo ang lumipas. As usual, abala sa trabaho si Rose. Hindi na niya kinailangang ipagluksa ang pagkamatay ng kanyang mga panaginip. Akalain mo iyon? Noong litrato lamang ang lalaki ay napapagaan nito at napapaganda ang araw niya kahit paano. Pero nang makaharap na niya? God! She was such a loser!

Ipinilig niya ang ulo at tinuldukan ang report na ginagawa. Sumulyap siya sa orasan. Mag-a-alas seis na ng gabi. Hindi pa siya nakakapagpahinga mula nang dumating siya sa opisina kaninang umaga. Bukod sa dalawang tasa ng *Milo* at ilang piraso ng *Skyflakes*, wala pa nga pala siyang kinakain maghapon.

Pinisil niya ang gitna ng mga mata, umaasang maiibsan ang pananakit banda roon. Pagkatapos

A Dream Is A Wish - Edith Joaquin

ay sumandal siya at saglit na pumikit. Saka siya mahinang humuni ng isang kanta.

I see you with my heart, not just with my eyes

You whom I love, you whom I want

Ano kaya ang title ng kantang iyon? Mahilig siyang makinig sa radio at sa music TV. Weird na hindi niya matandaan kung saan niya iyon unang narinig.

“Hi, Rose!”

Narinig niya ang boses kasunod ng mahinang katok sa pinto ng office niya. Mabilis na sinundan iyon ng pagsulak ng asido sa kanyang sikmura.

Please tell me I'm having a nightmare! tahimik niyang usal. *Pumikit ako, nakatulog at ngayon ay binabangungot. Kapag gumising ako at nagmulat, mawawala siya sa isip ko.*

Nagmulat siya. Pero sa malas, naroon talaga si Allan sa harapan niya.

“Hi,” tipid pero magiliw niyang bati. “Napasyal ka yata.”

“You owe me a date,” mapangahas nitong sabi na ikinataas ng kilay niya.

Kung hindi ba naman ito talagang manhid!

Naupo sa bakanteng upuan sa harap ng mesa niya ang lalaki.

“I got you something.” Itinaas nito ang dalang supot ng takeout.

“Thanks.” Inabot niya ang supot mula rito.

“I wasn’t sure kung ano’ng gusto mo pero lahat naman gusto ng *Jollibee* so ’yan ang dinala ko for you.”

“Ikaw?” Baka sakaling gutom din ito, dito na lang niya ipapakain ang fries.

“No, no,” anito. “Kumain na ako bago pumunta dito. Great launch last week, by the way. Ikaw daw ang nag-isip ng concept, sabi ni Noemi.”

“Ahm, yeah, but my whole team pitched in. They—”

Siningitan na siya nito. “You know, if I were you, I’d have used more blues and grays.” Sumandal ito sa upuan at humalukipip. “Mas professional ang dating.”

And mas stiff dahil hindi magbi-blend nang maganda sa bright colors. I’d have been limited to silvers and whites, dagdag ng isip niya. Pakialamero!

“Yeah, I realize that,” kunwa’y sang-ayon niya.

“I guess ’yun ang in-approve ng client?” Nakataas ang kilay nito.

There was a sneer on his face na gusto niyang burahin gamit ang mga palad.

“That’s right,” maiksi niyang sagot bago kumagat nang pagkalaki-laki sa burger.

Nag-ring ang kanyang telepono. Nagpa-excuse siya sa lalaki, ibinaba ang binalot uling burger sa mesa at inilabas ang cellphone.

“Hello, Ma.” Lumabas siya ng kanyang opisina.

“Kumain ka na ba?” bungad ng ina.

“Ngayon pa lang po.” She stood right outside the door.

“Aba, wala ka yatang balak maghapunan sa bahay, eh, di ka man lang nagsasabi.” Nagsimulang mag-escalate ang boses nito.

“Tanghalian ang kinakain ko, Ma.”

Panandaliang natahimik ito. “Hindi pa pala tayo nakakapag-grocery. Mabuti na lang napasyal ang isang kumare ko. May dala siyang ulam.”

“Mommy, bakit di na lang kayo nagpa-deliver?” Aatakehin yata siya ng migraine dahil sa ina.

“Wala kang iniwang pera, eh.”

“Ano hong wala?” Isinilid niya ang mga daliri sa hibla ng kanyang buhok at hinaltak-haltak iyon sa gawi kung saan nararamdaman niyang may pumipintig. “May ATM card kayo. Sana nag-withdraw kayo kanina at namili ng groceries. Hindi ba lumabas kayo?”

“Wala na ngang laman ang card ko, bumili kasi ako ng sapatos at sandals. Mukhang kawawa na ’yung sapatos ko dito.”

“Magkano ba ’yung binili n’yo?” Ano’t nawalan ng laman ang bank card nito?

“Mga one thousand eight hundred.”

Gusto niyang ibato ang cellphone.

Nagpatuloy ito. “Pero siyempre, isinama ko kasi si Ninang Techie mo. Alam mong ayokong lumalakad mag-isa. Alangan namang hindi ko siya pakainin ng merienda. Kinaladkad ko na nga, eh.”

“Maggo-grocery na lang po ako sa weekend.” Tinapos na niya ang usapan bago pa siya makapagsalita ng hindi maganda.

Nakakaloka. Hindi niya yata alam ngayon kung alin ang mas magaang na torture: ang lalaking nasa

opisina niya o iyong naghihintay sa kanya sa bahay.

“I’m sorry about that,” paumanhin niya sa binata nang bumalik siya sa upuan.

“Okay lang,” kibit nito. “Trouble?”

“Not really,” aniya. Wala siyang balak magkuwento rito.

“Let’s go out and have fun,” Allan suggested.

“Ahm, I don’t know,” nakangiwing sabi niya. “Medyo pagod ako, eh.”

“Halika na,” pilit nito at saka dumukwang pa sa mesa niya. “I give a good massage.”

Pilit niyang nilunok ang pait ng asidong kumulo paakyat sa lalamunan niya.

“Look, Allan.” Tumayo siya mula sa kinauupuan at naglakad patungo sa bintana, palayo rito. “Hindi ko sure kung anong impression ang nakuha mo kay Noems about me, but I don’t think this is going to work. I’m not that type.”

Tigagal ito. Baka na-offend niya.

“Well, if that’s the way you feel about it,” anito. “I was more than willing to give you a good time. It’s your loss.”

A Dream Is A Wish - Edith Joaquin

Nalaglag yata ang panga niya. Sa sobrang pag-short circuit ng utak niya, nakaalis na ito at lahat, nakatunganga pa rin siya.

3

The Venetian Hotel, Macau...

Malapit nang mapikon si John Julian Romero sa naririnig na bangayan ng mga kabanda. Nasa gitna sila ng pag-eensayo sa *Bellini Lounge* ng hotel para sa huling gabi ng kanilang performance. Tapos na ang pinirmahan nilang six-month contract doon. May offer na mag-renew sila para makabalik after another six months, pero wala pang malinaw na desisyon ang grupo.

Mag-iisang oras na silang nagra-run ng ilang bagong kanta at napapagod na siya na kailangan nilang tumigil sa tuwing may isa sa grupo na hindi gusto ang tunog kahit pa walang mali sa ginawa ng iba. Pakiramdam niya tuloy ay nasa day care siya.

“Guys, enough,” saway niya nang mapuno. “Can we all just please practice being a little bit more sensitive here?”

Saglit na nanaig ang katahimikan bago nagsalita ang lead singer, si Reine, na kanya ring girlfriend.

“I’m sure kapag nagtino itong dalawa—”

“Kung magpakatino na lang kaya tayong lahat?” Hindi na niya ito pinatapos dahil kapag humirit ang dalawang tinutukoy ng babae, hindi na sila matatapos. “Look, alam ko tense tayo dahil malapit na tayong matapos sa gig na ’to pero puwede kayang imbis na balahurain natin ang huling gabi ng tugtugan, gawin nating pinaka-memorable na performance ito?”

Iginala niya ang tingin sa bawat isang naroon. Nang maramdaman niyang wala nang may balak mag-object, huminga siya nang malalim at pinawalan ang namumuong inis sa dibdib.

“Let’s take it from the top,” utos niya.

Hinintay niya ang pagtango ng mga ito bago niya pinagtama ng apat na beses ang hawak na drumsticks at sabay-sabay nilang sinimulang tumugtog. Pumailanlang sa lugar ang magandang blend ng mga instrumento at mga boses. Finally, makalipas ang ilan pang minuto, na-perfect nila ang kinukuhang tunog.

“There we go,” masayang saad niya. “Was that so hard?”

“Sensya na, Jay.” Inalis ni Poch ang sling ng gitara mula sa balikat. “Tense lang talaga.”

Tahimik na nagligpit ng sariling gamit si Bogs, ang kanilang bahista. Nakikita niya na matalim ang

tinging ibinabato nito kay Reine.

“Sige lang, Poch, Bogs.” Isinilid niya ang drumsticks sa lalagyan. “Pahinga na tayo, I’ll see you guys later.”

Tumango ang mga ito at naiwan na silang dalawa ng katipan. Nakahalukipkip ito at nakaingos nang balingan niya ng tingin.

“What?” mahina niyang tanong.

“I don’t believe how you can just let them off that easy.” Pinamaywangan siya nito.

“Reine...” Hinaplos niya ang nagsisimulang kumirot na sentido. “Hindi tayo mga bata na kailangang pagalitan o parusahan dahil may maling nagawa. At any rate, we all got things right in the end, ano’ng point na manermon pa ako?”

Itinaas nito ang mga kamay kasabay ng pagtirik ng mga mata. “Kaya umaabuso ang mga kaibigan mo, eh.”

Ipinaalala niya sa sariling kasintahan niya ito at walang mararating kung papatulan niya ang immaturity nito nang mga sandaling iyon. Hindi niya kailangan ng away na sigurado siyang mangyayari kung sasabihin niya rito na ang pag-iinarte nito ang

dahilan ng hindi magandang takbo ng kanilang ensayo.

“Pagod tayo pare-pareho.” Sinarhan niya ang ininumang bote ng mineral water at saka hinawakan ito sa gawing siko para igiya palabas ng lugar. “Pahinga na tayo. We still have a long night tonight.”

Tumingala ito at ngumiti nang mapanukso. “Imbitasyon ba ’yan?”

Pinigilan niyang mapangiwi. The thought of being intimate with her had become unbearable lately. Hindi dahil inosente silang pareho sa sex. Maaaring hindi pa sila magkasintahan nang una silang dumating ng Macau pero nang pormal silang magkaroon ng relasyon two months pagkatapos magsimula ang trabaho roon, naging tila honeymoon ang pagsasama nila.

Until about a month ago nang magsimula siyang makaramdam ng panlalamig dito dala ng...

Hindi na niya matukoy kung alin talaga ang dahilan. Lumalabas ang natural na pangit nitong ugali bukod pa sa may hinahanap siyang ibang ngiti. Ibang pakiramdam at init ng palad. Ibang samyo ng buhok.

“I’m really tired, Reine.” Inalis niya ang kamay

na nakaalalay rito.

Narinig niya ang malakas na pagbuga nito ng hangin. “What is with you the past few weeks? Bakit parang pinandirihan mo akong makasama? Hindi ka naman dating ganyan.”

Tumigil siya sa paglalakad. “Reine, I’m just tired, okay? Nape-pressure ako sa sinimulan nating recording.”

Oo, cover band sila. Pero dahil may talento siya bilang songwriter, may inaalagaan silang mga original songs na inaasahan nilang mai-record balang araw para magkaroon ng career sa recording industry.

Makalipas ang unang dalawang buwan nila sa Macau, nagkaroon sila ng sapat na pera para ipambili ng maliit na 4-track recording unit. Nang na-master nila ang paggamit niyon, hindi na sila nag-aksaya ng panahon na mag-record ng mga kanta para pagbalik nila ng Pilipinas ay maialok nila sa recording companies ang kanilang nagawa. Doon nila ginugugol ang spare time nila.

“Ano ba kasi ang ipinagmamadali natin sa pag-record ng mga bagong kanta? We can always do that pagbalik natin ng Pilipinas,” talak nito. “Besides, ’wag mong sabihin sa akin na kapag naka-clinch tayo ng

recording deal, hindi na tayo kukuha ng international gigs. It would be such a waste.”

“Waste?” Tinaasan niya ito ng kilay. “Reine, matagal na naming pinangarap magkaroon ng recording career sa Pilipinas, long before you even joined the group. At akala ko, ’yon din ang gusto mo.”

“Wala akong sinabing hindi ko gusto ’yon,” bawi nito. “Ang ibig ko lang sabihin, puwede pa din siguro tayong tumanggap ng show contracts, di ba? Kung mawo-work out ang sked, hindi naman magiging hassle siguro sa atin.”

“Kung may offer, pag-aaralan,” aniya. “Pero ang priority ay ang album. I’m sorry, Reine, baka kailangan mong pag-isipan nang mabuti ’yung tungkol diyan. Kailangan naming malaman kung hahanapan ka ba namin ng kapalit bilang lead singer.”

Nanulis ang nguso nito. “Maybe I should nga.”

May pagbabanta sa pagkakasabi nito niyon pero hindi niya inintindi. Tumango lang siya kahit marami pa sana siyang masasabi sa inaasal nito. Wala na siyang energy na pahabain pa ang diskusyon. He figured it was a waste of time anyway. Inihatid na niya ang dalaga sa kuwarto nito, bago siya nagtungo sa kanya. Matutulog na lang muna siya. Baka sakaling

makita niya ulit ang inspirasyong bumubuhay sa kanya lately.

Sandali na lang. Sandaling-sandali na lang, uuwi na silang muli sa Manila.

“I never thought I’d say this,” bulalas ni Bogs na nakatayo sa tabi niya. “Pero na-miss ko pala ang Maynila!”

Matagal-tagal din ang anim na buwan para sa mga Pilipinong ni minsan ay hindi pa tumatapak sa labas ng bansa. Matapos ang tatlong oras na flight, humigit-kumulang isang oras pa muli para dumaan ng immigration at maghintay ng bagahe, nasa driveway na sila ng arrival area ng *NAIA* Terminal 3 para maghintay ng sundo.

Mainit ang klima, malayo sa lamig at ginhawa ng kanilang pinanggalingan. Mausok ang mga dumaraang sasakyan.

“I know what you mean,” nakangiting sabi ni Jay. “Home sweet home.”

“What’s wrong with you guys?” maasim na sabad ni Reine. “Ang ganda-ganda sa Macau, ewan ko ba kung bakit natutuwa kayo dito sa Manila. Ang init-

init!”

Hindi niya sigurado kung may kaugnayan ang attitude nito sa pakikipagkalas niya rito the night after their last performance. That was three nights ago. Ayaw na niyang patagalin ang relasyon nila any longer than it should lalo pa at wala na ring patutunguhan iyon. Kaysa humantong sa matinding iringan ang pagsasama nila, mas mabuti nang magtapos ang lahat habang may kaunting respeto pa silang natitira para sa isa’t isa.

“Puwede kang bumalik na lang doon, Reine,” ani Poch. “I’m sure magiging hit ka as a solo artist.”

“Maybe I will,” ismid nito. “May mga offers na ako while we were there. Hindi ko lang in-entertain dahil contrary to what you may think, marunong naman akong mahiya. May kontrata pa ako sa grupo natin.”

Tiningnan niya ito, pagkatapos ay inilipat ang tingin sa mga kasamahan na natagpuan niyang tumitirik ang mga mata. Ibinalik niya ang tingin sa babae.

Naisip niya, ano nga ba ang nakita niya rito? Ganoon ba siya kadesperado noon para sa isang relasyon at pinatulan niya ang babae?

“I think you should go,” mahinahon niyang sabi. “Sayang ang talent mo. You’re good,” he said sincerely.

Magaling na singer si Reine. At mas bagay sa ugali nito ang maging diva kaysa maging lead singer ng isang cover band tulad nila.

“Magpapahinga lang ako.” Binuhat nito ang bagahe dahil namataan na nito ang sundo. “Susunod na mababalitaan n’yo, my name will be up in lights.” Umingos pa ito bago tuluyang sumakay sa kotse na pumarada sa harapan nila.

“Bye, Reine!” Masayang kumaway dito si Bogs na siniko ni Poch sa tagiliran. “What? Nagpapaalam lang ako, ah.”

“Gago ka, parang may ibang ibig sabihin kasi ang pagsabi mo ng ‘bye, eh,” natatawang sabi nito.

“Excuse me?” Tumaas ang kilay nito. “Kasalanan ko ba kung hindi ako natutuwa sa kanya except now that she’s gone for good?”

“Guys,” sabad niya, “hayaan na natin ‘yung tao. She can’t help the way she is.”

“Oo nga,” ayon ni Poch. “Di nga namin naintindihan kung paanong nakasundo mo ‘yun, eh.”

“Well, sweet si Reine kapag ginusto niya,” kibit niya. “Saka kahit paano thoughtful siya at malambing.”

“Yeah, at palagay ko magaling sa kama,” malisyosong hirit ni Bogs.

“Siraulo!” Itinulak niya ito palayo.

“Kunwari ka pa.” Ibinundol ni Poch ang balikat nito sa kanya. “Pareho lang kayo ng kapatid mo!”

“Siyempre!” tango ni Bogs. “Kambal sila, ano‘ng inaasahan mo?”

“Puwede ba?” He glared at them. “I am nothing like Allan.”

Umiling-iling lang ang mga ito.

Malayo ang ugali niya kay Allan.

Unang-una, hindi siya mukhang pera. Para sa kapatid niya, walang mahalaga kundi ang magpayaman. Kaya nga ito nasa larangan ng business—stocks, sales, marketing, name it, basta mapagkakakitaan.

Siya, matapos pagdaanan ang ilang taon sa corporate world, nag-invest siya sa isang row ng apartment houses sa Fairview. Pagkatapos niyon, dahil

sigurado na siyang may pagkukunan siya ng pera nang hindi umaasa sa kayamanan ng mga magulang, hinarap na niya ang first love niya—musika.

Pangalawa, kung si Allan ay parang nagpapalit lang ng T-shirt kung makapagpalit ng girlfriend, siya ay taon ang binibilang bago siya ang iniwan ng mga ito. Mataas ang pagpapahalaga niya sa babae. Gusto niya ng isang relasyon na sa altar ang hantungan. Pangarap niyang magkaroon ng relasyong tulad ng sa kanyang mga magulang. Kay Reine lang yata siya sumablay. Noong una’y nagpakita naman ito ng kabaitan, bukod pa sa karinyosa rin talaga ito.

Sinikap niyang mag-work ang relasyon nila kaya lang, hindi talaga maganda ang ugali ng babae. Inamin pa nito na kaya lang ito pumayag na maging bokalista nila ay dahil sa oportunidad na maaaring makuha nito sa pagsama sa kanila abroad. Bagong panganak noon ang asawa ni Bogs na dati nilang bokalista at nag-decide ito na gusto na lang maging full-time mommy, kaya nila kinuha si Reine.

Tinapik ni Poch ang balikat niya. “Pare, in fairness sa ’yo, nakakapagtaka nga na kambal kayo.”

Kumilos siya pagkasabi niyon dahil nakita niya ang papalapit na van na kanilang sundo. Bago pa man iyon makalapit ay may nakakuha ng atensiyon

A Dream Is A Wish - Edith Joaquin

niya. Una ay parang isang malakas na presence lang na naramdaman niya. And then there was a voice. A tune. A song. His song.

You love me with all that you are

Because of who you are

The lady borne of my heart, my fantasy

My lady love, my every wish

Nangilabot siya. How was that possible? Bakit niya naririnig ang kantang hindi pa nila naire-record?

“Excuse me, Miss.” Ginulat niya ang sarili dahil nadala na pala siya ng mga paa niya sa tabi ng dalaga.

Lalo siyang nangilabot dahil di pa man ito humaharap ay alam niyang kilala na niya ito. Kilala niya ang tindig at ang pagkakahilig ng ulo ng babae. Kilala niya ang kamay nitong banayad na humahaplos sa gilid ng ulo nito para ayusin ang buhok nitong hinihipan ng hangin. Kilala niya ang samyo niyon. Iyong preskong amoy ng bagong paligo at samyo ng matamis na bulaklak.

“Yes?” Humarap ito sa kanya nang may ngiti pero

mabilis iyong napawi dahil kaagad na namilog ang mga mata nito.

“Sorry, hindi ako masamang tao,” agad niyang paliwanag habang bahagyang umaatras dahil iyon ang pagkakaintindi niya sa reaction nito.

Bumuka ang bibig nito. Pagkatapos ay sumara ulit. Mahabang saglit ang lumipas bago ito nakapagsalita. O bumulong dahil halos hangin lang ang dumaan mula sa mga labi nito.

“It... it’s you.”

Ngumiti siya. Alanganin sa una dahil naguluhan siya nang bahagya sa sinabi nito. Pero nagliwanag din ang expression sa mukha ng dalaga, tila may tahimik na pagkakaintindihang namagitan sa kanila.

“Ako nga.”

Kung tutuusin ay epal ang sagot niyang iyon. Like, what the hell, right? Pero pakiramdam niya, tama ang sinabi niya.

Puro alaala lang ng isang matinding damdamin ang mayroon siya bilang palatandaan. Pero may katiyakan sa puso at isip niya, ito ang babaeng laman ng mga panaginip niya. Ang babaeng nagbibigay sa kanya ng inspirasyon nitong mga nakaraang buwan.

A Dream Is A Wish - Edith Joaquin

Ang babaeng pinapangarap niyang makilala.